**ICT Aralin 22 - PAGLIKHA NG KNOWLEDGE PRODUCT (Unang Araw)**

## I. NILALAMAN

Sa araling ito ay maipamamalas ang iyong natutuhan sa paggamit ng mga basic features ng slide presentation tool upang makagawa ng isang anunsyo.

## II. LAYUNIN

1. Nagagamit ang mga basic features ng slide presentation tool na may kasamang teksto, diagram, table, tsart, photo o drawing.

## III. PAKSANG ARALIN

**Paksa:** Paggawa ng slide presentation na may kasamang teksto, diagram, table, tsart, photo o drawing
**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-0j-22

**Kagamitan:** computer na may powerpoint presentation software.

## IV. PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

1. Magbalik aral sa mga nagdaang aralin. Pumili ng mga mag-aaral upang ibahagi ang pamamaraan sa paggawa ng poster o banner.

2. Itanong sa mga mag-aaral kung nakaranas na silang magreport o magpresent ng ulat gamit ang slide presentation.

B. PAGLALAHAD

1. Ipakita sa mga mag-aaral ang Alamin Natin sa LM pahina ___ .
2. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang inaasahang output ng slide presentation na kanilang matatapos sa araling ito.
3. Ipaliwanag ang pangkaraniwang gamit ng isang slide presentation
4. Talakayin ang halimbawa ng isang slide presentation. Sagutin ang mga tanong ukol dito.
5. Pangkatin ang mga mag-aaral na bubuuin ng 5-6 mag-aaral upang mabigyan ang lahat ng pagkakataong gumamit ng hands on sa computer.
6. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagpaplano ng kanilang proyekto sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan na nasa LM sa pahina __ .
7. Gumamit ng rubric sa pagbibigay ng marka sa mga mag-aaral. Ipabasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang Project Rubric. Bigyan sila ng tig-iisang kopya nito. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang mahalagang aspeto nito upang magabayan sila sa paggawa.
8. Sabihin sa mga mag-aaral na gumawa ng balangkas para sa gagawing ulat o report.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

1. Bilang panimula, ipagawa sa mga mag-aaral ang kanilang plano sa pamamagitan ng paghahanda ng mga ilalagay sa bawat slide.
2. Ipagawa ang mga hakbang sa mga mag-aaral sa LM pahina ___ .
3. Maglaan ng 10 minuto upang balikan ng mga mag-aaral ang kanilang output.

D. PAGSASANIB

- Itanong sa mga mag-aaral: Paano ninyo nagagamit ang slide presentation sa iba't-ibang bagay?

E. PAGLALAHAT

- Ibigay ang hakbang sa pagbuo ng isang simpleng slide presentation

**V. PAGTATAYA:**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Ang bawat grupo ay magpapakita ng kanilang nabuong slide presentation.
2. Bigyan ng 5 minuto ang bawat pangkat sa bawat output.
3. Gamitin ang rubric upang magsilbing gabay sa pagbibigay ng marka sa bawat pangkat.

**VI. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

- Ipagawa ang iminumungkahing output na matatagpuan sa LM pahina ____ .

**(Ikalawang Araw)**

A. PAGGANYAK

1. Magbalik aral sa mga nagdaang aralin. Ipakita ang mga nagawang slide presentation na maaaring magamit sa mga pag-uulat.

B. PAGLALAHAD

1. Ipakita sa mga mag-aaral ang mga pamamaraang ginamit noong nakalipas na araw sa paggawa ng slide presentation.
2. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang inaasahang output ng slide presentation na kanilang matatapos sa araling ito.
3. Ipaliwanag ang iba pang gamit ng isang slide presentation
4. Talakayin ang iba pang halimbawa ng isang slide presentation. Sagutin ang mga tanong ukol dito.
5. Pangkatin ang mga mag-aaral na bubuuin ng 10 mag-aaral.
6. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagpaplano ng kanilang proyekto sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan na nasa LM sa pahina __ .
7. Gumamit ng rubric sa pagbibigay ng marka sa mga mag-aaral. Ipabasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang Project Rubric. Bigyan sila ng tig-iisang kopya nito at ipaliwanag ang bawat aspeto.

8. Sabihin sa mga mag-aaral na gumawa ng balangkas para sa gagawing slide presentation para sa isang programa.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

1. Bilang panimula, ipagawa sa mga mag-aaral ang kanilang plano sa pamamagitan ng paghahanda ng mga ilalagay sa bawat bahagi ng slide.
2. Ipagawa ang mga hakbang sa mga mag-aaral sa LM pahina ___ .
3. Maglaan ng 10 minuto upang balikan ng mga mag-aaral ang kanilang output.

D. PAGSASANIB

- Itanong sa mga mag-aaral: Paano ninyo nagagamit ang slide presentation sa pagpapatakbo ng isang programa??

E. PAGLALAHAT

- Ibigay ang hakbang sa pagbuo ng isang slide presentation para sa isang programa.

**PAGTATAYA:**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Ang bawat grupo ay magpapakita ng kanilang nabuong programa gamit ang slide presentation. Magkunwaring nagsasagawa ng isang programa habang gumagamit ng slide presentation.
2. Maaaring mag-imbita ng ibang guro upang mas maging awtentiko o makatotohanan ang pagpapakita ng output.
3. Bigyan ng 3 minuto ang bawat pangkat sa bawat output.
4. Gamitin ang rubric upang magsilbing gabay sa pagbibigay ng marka sa bawat pangkat.
5. Ang bawat pangkat ay magbibigay ng mungkahi sa isa't-isa.

**PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

- Ipagawa ang iminumungkahing output na matatagpuan sa LM pahina ____ .

**- FERDINAND P. CASTRO**